Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2022 SA GANAP NA IKA-09:48 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME R. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 42 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA, KGG. RAMIL L. HERNANDEZ NA MATAYUAN NG IKATLONG PALAPAG ANG GUSALING MGGL. BENJAMIN E. AGARAO SR. UPANG MAGAMIT NA BULWAGANG PULUNGAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN**

Akda ni: **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** lubhang masikip ang kasalukuyang Silid Pulungan ng Kgg. Sangguniang Bayan dahil na rin sa dami ng taong nagtutungo tuwing sesyon;

**SAPAGKAT,** kung magagawang Silid Pulungan ang itaas/roof deck ng Gusaling Benjamin E. Agarao Sr. ay magiging kumbinyente ang bumubuo ng Kgg. Sangguniang Bayan tuwing sesyon;

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon ng katuparan ang kahilingan, ang kasalukuyang pinagdadausan ng pangkaraniwang pulong ay malalagyan ng cubicle para sa mga Kagawad ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** kung mabububungan at malalagyan ng ikaltong palapag ang ibabaw ng Gusaling Mggl. Benjamin E. Agarao Sr. ay maiiwasan ang pagtigil dito ng tubig-ulan na nagiging sanhi ng pagbabaha sa ibabang bahagi ng gusali;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.** na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin sa Punong Lalawigan ng Laguna, Kgg. Ramil L. Hernandez na matayuan ng ikatlong palapag ang Gusaling Mggl. Benjamin E. Agarao Sr. upang magamit na Bulwagang Pulungan ng Kgg. Sangguniang Bayan.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-01 ng Agosto, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt080122res42*